BC CANCER COLON SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Abnormal Fecal Immunochemical Test (FIT)

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa abnormal na FIT.

***Ang isang abnormal na resulta ng fecal immunochemical test (FIT) ay nangangahulugan na may nakitang dugo sa iyong stool sample. Ang mga abnormal na resulta ay karaniwan at hindi ito nangangahulugan na ikaw ay mayroong kanser o ikaw ay magkaka-kanser.***

*Kapag nalaman mo na ikaw ay may abnormal FIT result, maaaring maraming papasok sa isip mo at maaaring marami kang mga tanong.*

*Unang-una, mahalagang malaman na ang isang abnormal FIT result ay hindi nangangahulugan na ikaw ay mayroon o na magdidebelop ka ng kanser.*

Mga 10 hanggang 15 porsiyento ng mga táong na-screen gamit ang FIT ay magkakaroon ng abnormal na resulta at mangangailangan ng karagdagang testing. Hindi nito ibig sabihing may nakitang kanser – ang karamihan ng mga táong may abnormal na resulta sa FIT ay hindi magkaka- kanser.

Ang ilang táong may abnormal FIT result ay maaaring may polyps. Ang polyps ay maliliit na bagay na maaaring magdibelop sa colon o rectum; karaniwan silang walang mga sintomas kapag maaga pa. Ang karamihan ng polyps ay hindi kailanman nagiging kanser, at kung magiging kanser man sila ay inaabot ito nang ilang taon bago mangyari.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng isang abnormal FIT?

Pagkatapos mo natanggap ang iyong abnormal FIT result sa mail, kokontakin ka ng health care team sa iyong komunidad para sa karagdagang follow-up. Aasesuhin ng health care team ang iyong kondisyon at gagawa sila ng appointment para sa colonoscopy procedure kung ito'y naaangkop, o kaya'y sasabihin nila sa iyo kung pinapayo ang ibang monitoring o treatment.

Habang naghihintay para sa iyong follow-up, mangyaring siguraduhin na nalalaman ng iyong health care provider kung nagdibelop ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas kahit kailan:

- Dugo sa iyong dumi
- Pananakit sa tiyan
- Pagbabago sa bowel habits (pagdurumi)
- Hindi maipaliwanag na pagbawas ng timbang

**Kung nakatanggap ka ng isang abnormal FIT result, huwag ulitin ang test dahil inaasahan mong makatanggap ng naiibang resulta. Kahit na nakatanggap ka ng isang normal na FIT result sa isang test sa ibang panahon, ang rekomendasyon na magsagawa ng colonoscopy ay hindi magbabago. Ang dahilan para sa dugo na nakita sa iyong orihinal na sample ay kailangan pa ring imbestigahan.**

## Ano ang dapat mo malaman

- Ang abnormal na FIT ay hindi ibig sabihing mayroon kang kanser.
- Mahalaga ang puntahan mo ang lahat ng follow-up appointments para sa tests o treatment.
- Kung may nakitang polyps, ang karamihan ay tatanggalin habang isinasagawa ang iyong colonoscopy.
- Ang colonoscopy ay mahalagang hakbang upang maiwasan ang kanser sa iyong colon.

## Ano ang colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure kung saan gumagamit ang isang doktor ng maliit na camera na nakakabit sa isang flexible tube upang tingnan ang panloob na lining ng iyong colon. Habang isinasagawa ang test, maaaring kumuha ng tissue samples at maaaring magtanggal ng polyps.

Kung mayroon kang personal na kasaysayan ng (mga) adenoma, o marami sa iyong pamilya ang nagkaroon ng colon cancer, maaaring diretso kang irefer ng iyong health care provider na magpa-colonoscopy. Maaari ring irefer ka para sa colonoscopy pagktapos ng isang abnormal FIT result. Sa dalawang kasong ito, kakausapin ka ng health care team sa iyong komunidad tungkol sa procedure na gagawin.

### Mahalaga bang puntahan ko ang aking colonoscopy appointment ngayon?

Makakatulong ang colonoscopy na maiwasan ang kanser. Ang isang abnormal FIT result ay nangangahulugan na may nakitang dugo sa iyong stool, at mahalaga ang imbestigahan ang dahilan para sa pagdurugo. Kapag pumunta ka sa iyong nakaiskedyul na colonoscopy appointment, mababawasan mo ang iyong panganib na magkaroon ng colon cancer.

| Paano ka pananatilihing ligtas sa panahon ng iyong colonoscopy appointment. | |
|---|---|
| Nangangako ang BC Cancer Colon Screening na panatilihing ligtas ang kapwa mga pasyente at health care providers sa panahon ng colonoscopy appointments: | |
| Bago gawin ang iyong appointment | Sa panahon ng iyong appointment |
| • Tatawagan ka ng health care team sa iyong komunidad sa telepono tungkol sa pre-colonoscopy assessment at pag-iiskedyul.<br>• Asahang manatili sa ospital nang 2 hanggang 3 oras sa araw ng iyong colonoscopy.<br>• Magpasama sa isang adult pauwi pagkatapos ng iyong appointment. Hindi ka makakapagmaneho hanggang sa susunod na araw. | • Hihilingin kang magsuot ng isang gown.<br>• Isusulat ng isang nurse ang iyong admission history at kukunan ka niya ng vital signs. Hihilingin kang magbigay ng listahan ng iyong mga gamot.<br>• Sisimulan ng isang nurse ang isang intravenous (IV) upang bigyan ka ng sedation at gamot sa kirot.<br>• Ang iyong colonoscopy ay magsisimula oras na ikaw ay sedated. |

### Ano ang nagdudulot ng abnormal na FIT result?

Ang FIT ay isang screening test na makaka-detect lamang ng dugo sa dumi. Ang FIT ay hindi isang diagnostic test. Ibig sabihin nito ay bagamat ang isang FIT ay makakahanap ng isang palatandaan na maaaring magpahiwatig na may kanser (dugo sa dumi), hindi ito maaaring gamitin upang magdiyagnos ng kanser, o upang malaman kung bakit may dugo sa iyong dumi.

Ang isang abnormal FIT result ay nangangahulugan lamang na may nakitang dugo sa stool sample na iyong ibinigay. Masasabi lamang sa atin ng isang FIT na maaaring may pagdurugo ka mula sa iyong lower digestive tract. Pero hindi nito masasabi kung saang bahagi, o kung bakit.

Maaaring may ilang mga iba't-ibang dahilan kung bakit may nahanap na dugo sa iyong stool, kabilang na ang ulcers, hemorrhoids (paminsan-minsan ay hindi ito masakit, o ito'y nasa loob), anal fissures, diverticular disease, o inflammation.

Mahalaga na maaseso ka gamit ang isang colonoscopy. Makakatulong ang colonoscopy na hanapin kung saan nanggagaling ang pagdurugo.

### Kontakin Kami

BC Cancer Colon Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/colon

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas.

Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca o kaya email: screening@bccancer.bc.ca).

Ang fact sheet na ito ay available din sa mga karagdagang wika kabilang na ang Pranses, Traditional Chinese, Simplified Chinese, Punjabi, Tagalog, Korean, Persian, Spanish, Vietnamese, at Aleman. Upang makuha ang fact sheets na ito, mangyaring bisitahin ang: www.screeningbc.ca/colon.